TRUTH BE TOLD



# Ang Talinghaga ng Mayamang Mangmang

## NOTES

## WARM-UP

- Maituturing mo ba ang iyong sarili bilang isang magastos na tao o ikaw ba ay matipid? Bakit mo ito nasabi?
- Ibahagi ang isang pagkakataon kung kailan binigyan ka ng isang tao ng mamahaling regalo. Ano ang naging tugon mo dito?
- Ikuwento ang isang karanasan kung kailan ang isang mahal mo sa buhay ay tumupad sa isang pangako sa kabila ng mga mapaghamong kalagayan.

**WORD** *"Sapagkat kung nasaan ang kayamanan ninyo, naroon din ang puso ninyo."* **LUCAS 12:34**

(Basahin din ang **LUCAS 12:13-33**.)

---

Ang talinghaga ng mayaman na hangal ay tungkol sa isang lalaki na matapos yumaman ng husto ay nauwi sa habangbuhay na pagkakalayo sa Diyos dahil siya ay mahirap sa paningin ng Diyos. (Lucas 12:21) Bilang mga mananampalataya, paano natin magagawang mamuhay sa paraang nakalulugod sa Diyos araw-araw at hindi mahulog sa patibong ng paghabol sa pera. Ang sumusunod ay tatlong magkakaibang aral na maaari nating matutunan sa talinghagang ito.

## 1 Pagkamapagbigay laban sa Pagkagahaman

*Pagkatapos, sinabi niya sa kanila, "Mag-ingat kayo sa lahat ng uri ng kasakiman, dahil ang buhay ng tao ay hindi nasusukat sa dami ng kanyang pag-aari."* **LUCAS12:15**

Tayo ay inutusan ni Jesus na hindi maging gahaman at mainggitin. Ang pagkapuno ng kasakiman ay nangangahulugan na tayo ay umaasa sa yaman ng mundo upang pasiyahin tayo. Ito ay isang uri ng pagkakaroon ng diyos-diyosan (Mga Taga-Efeso 5:5). Maaari nating labanan ang kasakiman at inggit sa ating mga puso sa pamamagitan ng pagiging mapagbigay araw-araw. Ano ang ipinangako ng Diyos sa mga mapagbigay? (2 Corinto 9:11)

## 2 Pagtitiwala laban sa Pagkabalisa

*[22]Pagkatapos, sinabi ni Jesus sa mga tagasunod niya, "Kaya huwag kayong mag-alala tungkol sa inyong buhay—kung ano ang inyong kakainin, o susuotin. [23]Dahil kung binigyan kayo ng Diyos ng buhay, siguradong bibigyan din niya kayo ng pagkain at isusuot. [24]Tingnan ninyo ang mga uwak. Hindi sila nagtatanim, o nag-aani, o nag-iipon sa mga bodega, pero pinakakain sila ng Diyos. Higit kayong mahalaga kaysa mga ibon!"* **LUCAS 12:22,24**

Ang Diyos ay isang mapagbigay na tagapagtustos ng pangangailangan. Sa halip na mag-alala tungkol sa kung ano ang wala tayo, dapat nating pagyamanin ang ating pagtitiwala sa kabutihan at biyaya ng Diyos. Sa ating pagdala ng anumang alalahanin sa Diyos, makasisiguro tayo na iingatan ng kapayapaan ng Diyos ang ating puso at isipan kay Jesus (Mga Taga-Filipos 4:6,7). Paano mo nagawang magtiwala sa Diyos sa oras ng pangangailangan?

## 3 Diyos laban sa Pera

*"Sapagkat kung nasaan ang kayamanan ninyo, naroon din ang puso ninyo."* **LUCAS 12:34**

Ang pagpili sa Diyos kaysa sa pera ay nangangahulugan na isinusuko natin ang ating mga puso sa Kanya. Sa huli, dapat natin Siyang ilagay sa gitna ng ating mga buhay dahil karapat-dapat Siyang tumanggap ng ating ganap na debosyon. Ano ang sinasabi ng Salita ng Diyos tungkol sa pagpili sa pagitan ng Diyos at pera? (Mateo 6:24)

## APPLICATION

- Maituturing mo ba ang iyong sarili na isang mapagbigay na tao? Paano mo magagawang maging mas mapagbigay? Ano ang mga tiyak na hakbang na maaari mong magawa ngayong linggo upang maisapamuhay ang pagiging mapagbigay?
- Namomroblema ka ba sa araw-araw mong pangangailangan, o nagtitiwala ka na ipagkakaloob ng Diyos ano man ang kailangan mo? Pumili sa Kasulatan ng maaari mong pag-isipan ngayong linggo na magpapa-alala sa iyo ng katangian ng Diyos, at hingin na tanggalin Niya ang anumang pangamba sa puso mo.
- Ang Diyos ba ang tunay mong kayamanan? Anong mga pagbabago ang kailangan mong gawin sa iyong buhay simula ngayong linggo, upang mailagay Siya sa sentro ng buhay mo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa kung sino Siya at kung gaano Siya ka-mapagbigay sa atin. Ihayag ang kadakilaan ng Diyos sa iyong buhay sa larangan ng pananalapi, at mangakong mamumuhay araw-araw sa paraang naaayon sa Kanyang kagustuhan.
- Ipanalangin na magtiwala ka sa Diyos at na matututunan mong manalangin sa Kanya tungkol sa iyong mga pangangailangan at na maging Siya lamang ang titignan mo na pinagmumulan ng lahat. Pasalamatan Siya sa Kanyang pangako na kung gagawin mo ito, bibigyan ka Niya ng kapayapaan, na mag-iingat sa iyong puso at isipan kay Jesu-Cristo (Mga Taga-Filipos 4:6,7).
- Hingin sa Diyos ang mga pakakataon upang maging pagpapala sa maraming tao. Ipanalangin na ikaw ay magiging mapagbigay at mapagmahal dahil sa dakilang pagmamahal at biyaya ng Diyos sa iyong buhay.

VICTORY

© 2016 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph